




دار زايد للثقافة الإسلامية
Zayed House For Islamic Culture



Sino Kami?




Sino Kami?

Ang Zayed House for Islamic Culture (ZHIC) ay itinatag noong 31 2005/05/ alinsunod sa isang dekreto ng kataas-taasan na si Sheikh Khalifa Bin Zayed Al Nahyan (pangalagaan nawa siya ng Allah) - Pangulo ng UAE, ang Pinuno ng Abu Dhabi Emirate.

Ang ZHIC ay isang kultural na organisasyong Islamiko na sumusuporta sa mga bagong Muslim at nagbibigay ng mga pangangailangan nila sa lipunan at pamilya. Ganun din ay tumutulong sa kanila kung papaano sila mamumuhay sa isang Muslim na pamayanan. Maliban dito ay pagpapakilala sa katotohanan at katuruan ng Islam sa mga taong interesado at pagpapalaganap ng pagpapaubaya at pagkakaisa kasama ang iba.

Layunin ,Mensahe , Pananaw



Pagpapaubaya: ang aming paraan ay hango sa pagkakaisa at kaayusan.

Pamumuhay kasama ang iba: itinataguyod namin ang kulturang pamumuhay kasama ang iba at pagrespeto sa kanila.

Kahasayan: nagbibigay halaga sa kasipagan, katapatan, at sinseridad.

Gawain: pag-alam sa pangangailangan ng bawat tao at pamayanan na interesadong malaman ang Islam na kung saan dito nakadepende ang aming layunin.

Pagpapaunlad: ang pagpapa-unlad sa mga kawani ng ZHIC at estudyante nito ay aming daan tungo sa kahusayan at pamumuno.



Pakikipag-usap patungkol sa Islam

Pakikipag-usap sa silang mga gustong malaman ang Islam gamit ang kanilang lengwahe, na kung saan pinapaliwanag ang kabuuan ng Islam at mga magagandang katuruan nito. Kasama na rin dito ang pagsagot sa mga katanungan patungkol sa Islam.

Pagrehistro para sa Pag-aaral ng Islamikong Kultura

Pag-aaral ng Islamikong Kultura gamit ang iba't ibang lengwahe, na naglalayon na ipaalam ang kahulugan nito na espirituwal, moral, at sosyal. Papagtibayin din nito ang katuruang pagpapaubaya, habag, at pamumuhay kasama ang ibang lahi at kultura. Ito ay may (5) klase na may kabuuang (70) oras ng pagaaral.

Pagrehistro para sa Pag-aaral ng Qur'an

Pag-aaral ng Qur'an na may (3) baitang na binubuo ng (128) oras ng pag-aaral.

Pamamahagi ng mga Babasahin

Pamamahagi ng mga iba't ibang babasahin para ipaalam ang kultura ng Islam gamit ang iba't ibang lengwahe: Arabic, Ingles, Aleman, Ruso, Pranses, Espanyol, Koreano, Tsino, Filipino, Indonesian, Sinhalese, Swahili, Tamil, Urdu, Amharic at Aramaic.

Pagtuturo ng Wikang Arabo sa mga hindi Arabo

Ang pag-aaral ng wikang naaayon sa programa na ginawa kasama ang iba't ibang unibersidad sa mundo. Ang pag-aaral ay may (4) na baitang na binubuo ng (64) oras ng pag-aaral.





Pagbibigay suporta panlipunan at pampamilya na naaayon sa pananaw na pagpapaubaya, pamumuhay kasama ang iba, at relasyon na magtatayo sa pagitan ng iba't ibang grupo ng pamayanan. Ito ay magsisilbi sa sangkatauhan at magpappaunlad sa mga pamayanan



Paglalakbay para saHajj at Umra

Paglalakbay sa Hajj at Umra. Kasama nito ang maayos at madaling pagtuturo sa mga ritwal ng Islam.



Konsultasyong Panlipunan

Pagbibigay payo sa mga bagong Muslim para malutas ang kanilang mga suliranin



Suportang panlipunan

Pagbibigay suporta sa mga bagong Muslim na nakalista sa ZHIC na karapatdapat na makatanggap.



Pagrehistro para samga Gawain at Aktibidad

Mga iba't ibang gawain at aktibidad na pangkultura at panlipunan na naglalayon na ipaalam ang katuruan ng Islam at ihalo ang mga bagong Muslim sa lipunan.



Pagsundo at Paghatid sa mga Mag-aaral para sa mga Aktibidadat Pag-aaral.

Pagsundo at paghatid sa mga narehistrong estudyante ng ZHIC para sa pag-aaral, o kasali sa mga iba't ibang gawain at aktibidad na pangkultura



zhic.uae



@zhic_uae



zhic_uae



zhic

800 555



اتصل على
JUST CALL

Our Vision:

مؤسسة رائدة في التعريف بجوهر الثقافة الإسلامية واستيعاب المهتمين الجدد
A leading organization dedicated to present the essence of Islamic culture and assimilating new Muslims into the society

رؤيتنا: